

Librong Patnubay sa Pamumuhay na Mamuhay sa Seto !

瀬戸市はこんなところ

Ang Lungsod ng Seto, na humigit-kumulang 20km sa hilagang-silangan ng Lungsod ng Nagoya, ay isang “bayan ng palayok at seramika” na may 1000 taong kasaysayan sa paggawa ng palayok at seramika. Dahil sa biyaya ng kalikasan na mataas na kalidad na luwad na panangkap sa palayok at seramika, buhangin na silica na panangkap sa salamin o kristal, mayamang kagubatan na pinagmumulan ng panggatong sa apoy. Ang mga “Seto ware” na minana ng maraming tao ay naging kilala hindi lang sa bansang Hapon kundi sa pati na rin sa maraming tao sa buong mundo bilang singkahulugan ng palayok at seramika.

Dahil ang lungsod ay 40 minuto lang mula sa Istasyon ng Tren ng Nagoya sa pamamagitan ng pampublikong transportasyon at maraming pabahay na patuloy na itinatayo dito, kahit ngayon maraming tao ang nagtatrabaho sa industriya ng palayok seramika sa lungsod na siyang lumilinan sa natatanging uri ng pamumuhay at hitsura ng bayan bilang kabisera ng palayok at seramika. Dagdag pa dito, ang mga kagubatan na ginamit noon bilang panggatong sa apoy ay muling binuhay at pinalago ng mga kamay ng tao, at sumasakop ngayon sa 60% ng lupain ng lungsod. Ang malabong na kalikasan na tila hindi malapit sa modernong siyudad ng Nagoya ay bumubuhay at kumakandili sa buhay ng mahahalagang hayop at tanim, katulad ng mga higanteng salamander, ibong goshawk, at punong star magnolia na nagbibigay rin sa atin ng kasiyahan at galak.

<Inirerekomenda! Mga lugar na mapapasyalan>

*Ang area code ay (0561)

Kung papasyal kasama ng mga anak!

oSetokko Famiri Kouryuukan (miyawaki cho 43 TEL87-3636)

Isa itong pasilidad kung saan ang mga batang 18 taong gulang o mas bata pa ay maaaring makipaglaro at magsaya kasama ng kanilang mga magulang o tagapag-alaga. May aklatan at playroom na magagamit anumang oras na bukas ang pasilidad, pati na rin iba’t ibang silid-aralan kagaya ng machine shop o workshop at para sa klase sa pagluluto.

oKotsujidouyuuen(kamimatsuyama cho 2-466 shiminkouen TEL48-2350)

Ito ay isang pasilidad na nasa loob ng isang pampublikong parke. Mayroon itong “Malaking Silid na Paglalaruan ng mga Bata”, “Daan para sa Laruang Kotse o Transportation Course” at “Liwasang Palaruan ng mga Bata”. Ang bawat isa dito ay may nakahandang mga kagamitan sa paglalaro at bisekleta. Dagdag pa, isinasagawa ang iba’t ibang kaganapan at klase dito.

oNoberutii•kodomosouzoukan (izumi cho74-1 TEL88-2668)

Ito ay pasilidad kung saan maaari mong maramdaman ang teknik at kasaysayan ng mga novelty na bagay na mga ornament at aksesoryang seramika. Mayroon itong sari-saring malikhain at pangkaranasang programa na gumagamit ng lupa (luwad) na pinangungunahan ng napakapopular na “luwad na pool”, kung saan mahahawakan at mahihipo mo ang craftsmanship ng Seto. Sa katabing Museo ng Novelty, makikita moa ng iba’t ibang mga novelty na bagay.



Kung gustong maging pamilyar sa kultura ng palayok at seramika!

oKakigakinokomichi (nakabora cho ☎88-2730)

Ito ay isang makitid na daan na humigit-kumulang 400m ang haba na may siksik na pader at bakod na ginagamitan ng mga kagamitan sa hurno ng palayok at seramika. Ang Kamagaki no Komichi Museum na nasa kalagitnaan ng Komichi ay isang kakaiba at kaakit-akit na bahay ng “tagagawa ng palayok at seramiko” na itinayo sa huling bahagi ng Meiji era na kinumpuni at isinauli sa dati. Ang lugar ay itinalagang mahalagang tanawing pook.



oShinseikougeikan (minaminakanokiri cho81-2 ☎97-1001)



Pasilidad na ang tema ay mga seramiko at salamin o kristal na patutungo sa susunod na henerasyon. Tumatangap ito ng mga trainee at sumusuporta rin sa mga talentong aktibo sa larangan ng seramiko at salamin o kristal. May gallery kung saan makakabili ka ng mga obra ng sining (artwork) mula sa mga alagad ng sining at silid pangkomunidad kung saan maaari kang uminom ng inumin gamit ang mga obrang seramiko. Mayroon ding workshop kung saan maaari mong bisitahin ang eksibisyon ng mga obra ng mga sikat na alagad ng sining at tingnan ang mga trainee habang nililikha nila ang kanilang mga obra.

oSetosometsukekougeikan (nishigou cho98 ☎89-6001)

Ito ay isang pasilidad na ang tema ay mga tradisyonal na estilong Hapon sa “pagtitina ng Seto”. Tumatangap rin ang pasilidad ng mga trainee.

Bukod sa paglalahad ng eksibisyon sa mga makasaysayang obra maestro at tour upang makita ang mga trainee habang nililikha nila ang kanilang mga obra, mayroon ring sulok kung saan maaari kang makapinta, isang sulok na nagbebenta sa mga obra ng mga trainee at graduate. May nakapreserba ring “lumang hurnuhan ng palayok at seramiko” na itinalagang ari-ariang pangkultura ng lungsod.

oAichikentoujibijutsukan (minamiyamaguchi234 ☎84-7474)

Ang pinakamalaking museo sa sining ng seramika sa bansang Hapon na nagkokolekta at nagdi-display ng mahalagang pangkulturang pamana na nagpapahayag sa kasaysayan ng palayok, dayuhang seramiko, mga kontemporaryong obra, atbp. Kasiya-siya rin ang malaking studio sa seramiko (Doge Kaikan) kung saan maaari mong maranasan ang paglikha ng seramiko at porselana at ang tea room kung saan makakainom ka ng tsaa gamit ang mga seramikong obra ng mga alagad ng sining.

Kung gustong makasalamuha ang kalikasan at kasaysayan!

oJoukoujikouen (jyokouji cho)



Kamanghamangha sa ganda ang mga sakura sa spring na nasa parke. Sa gitna nito ay ang Shoden Pond kung saan nakalagay ang Rokkaku-do Temple. Ang napakalumang templo na “Jokoji” ng Rinzai Sect ay may mosoleo ng unang henerasyon ng feudal lord ng Owari na si Yoshimitsu Tokugawa. Sa paligid, may maraming pasilidad kung saan matatamasa mo ang kalikasan katulad ng Tokai Nature Trail, Jokoji Campsite, at Jokoji Outdoor Activity Center.

oIwayadoukouen (iwaya cho)

Ang pangalang “Iwayado” ay pinaikling Iwadoyama Yakushido na nangaling alamat ng isang bantog na paring Buddhist na si Gyoki. Pinakakaakit-akit ng puno ng siglang kalikasan na may maraming malalaking bato kakaiba ang mga hugis at talon (waterfalls), pati na ang batis ng Ilog ng Torihara na umaapaw sa tubig at luntiang halaman. Maraming bumibisitang tao dito lalung-lalo na sa natural na pool kapag tag-init at sa Iwayado Momiji Festival sa taglagas o autumn.



Ito ay nasa Tokai Nature Trail, at maaari mong malasap ang ganda ng kalikasan, tag-araw man o taglagas, tagsibol man o taglamig.

oAichikaisyonomorisenntaa (yoshino cho304-1 ☎86-0606)

Itinatag ito upang maging punong-himpilan ng pagtuto at pagpalitan ng kaalaman tungkol sa mga gubat at bundok sa paligid ng lungsod. Ginamit itong lugar upang pangalagaan para sa kinabukasan ang kagubatan ng Kaisho na siyang ginawang himpilan ng Expo 2005 Aichi Japan. Ginagamit itong lugar upang mapag-aralan ang relasyon sa pagitan ng tao at kalikasan. Nandito ang pinakalumang hurno sa paggawa ng palayok at seramika ng Seto na Nawasak na Hurno ng Hirokutecho Bilang 30 (na itinalaga ng lungsod na isang ari-ariang pangkultura).

Iba't iba pa

oSetoshiritsutoshokan (higashimatsuyama cho1-2 TEL82-2202)

Ito ay isang kahanga-hangang aklatan na may mga mural painting ni Tamiji Kitagawa, isang oil painter at alagad na sining na may kaugnayan sa Lungsod ng Seto.

Bukod sa aklatan, may PartiSeto at sa ika-3 palapag mayroong sangay ng Aklatan para sa Impormasyon.

oDejitarurisaachipaakusentaa (hatanaka cho211-1 TEL87-3100)



Pasilidad ito na nasa paanan ng Seto Digital Tower, ang ika-3 pinakamataas na tore sa buong bansang Hapon.

Bukod sa pagiging base sa pagpapamahagi sa bawat sulok ng Lungsod ng Seto, nagsusumikap rin kami sa pagpapalaganap at pagpapasahimpapawid ng bagong impormasyon, katulad ng HD movie shooting at editing at Internet broadcast. Dagdag pa rito, mayroon rin kaming PC corner na maaaring gamitin nang libre, at sari-saring mga klase sa PC.

oSetoshisuportsushisetsu (kamihonmachi1 shiminkouen TEL82-2202)

Bukod sa pampublikong parke kung saan may gymnasium at swimming pool, mayroon ring iba't ibang pasilidad para sa sports kagaya ng Kamigami Ground at Toso Ground, East Park/South Park/North Park Sports Facility. Mayroon rin kaming mga klase sa sports, atbp.

oMichinoekisetoshinano (shinano cho1-126-1 TEL41-3900)

Mayroong "Toretate Sanchoku Market" na nagbebenta ng mga pinrosesong pagkain gamit ang mga agricultural na produkto at lokal na gawang materyal ng Seto. Narito rin ang "Setomeshi Shokudo", isang restawran na puno ng maraming masasarap na pagkain na may mga sangkap na likha sa kultura ng craftsmanship na mula pa sa sinaunang panahon.

Bukod dito, may pasilidad rin na nagbibigay ng impormasyon sa mga daan na maaaring magamit nang 24 na oras bawat araw, mga impormasyon sa pagpasyal sa lungsod, at isang magandang banyo na ginawa gamit ang mga palayok o seramiko at salamin o kristal.

<Pangunahing Pampublikong Pasilidad ng Lungsod>

*Ang area code ay (0561)

	Pangalan ng Pasilidad	Address/TEL	Dagdag na Impormasyon
Window Counter para sa Impormasyon sa Pamumuhay	Setoshiyakusho	Oiwake cho 64-1 (82-7111)	
	Setoshijougesuidouchousha	Harayama cho 1-7 (85-1177(Suido ka) (85-1173Gesuido)	Hinahati ito sa Gusali ng Pamahalaan para sa Patubigan o Waterworks Government Building [Seksiyon sa Patubigan] at Gusali ng Pamahalaan para sa Alkantarilya o Sewerage Government Building [Seksiyon sa Alkantarilya].
	Mizunoshisho	Nakamizuno cho 1-150 (48-1111)	Makakapag-isyu ng mga sertipiko katulad ng resident card at tumatanggap ng buwis ng lungsod, atbp. Dito rin isinasagawa ang abiso sa paglipat ng tirahan ng residente, pagrerehistro sa rehistro ng pamilya, pagrerehistro ng inkan o seal.
	Hatayamashisho	Hatayama cho 71 (82-2680)	
	Shinanoshisho	Shinano cho 6-105 (41-1111)	Nagbibigay rin ng ticket sa pagtatapon ng malalaking basura.
	Parutiisetoshiminsaabisus entaa	Sakaemachi 45(Parutiiseto 1F) (82-4191)	Makakapag-isyu ng mga sertipiko katulad ng resident card at tumatanggap ng buwis ng lungsod, atbp. Maaaring gamitin kahit Sabado o Linggo.
	Hishinodanchishiminsaabisus entaa	Hishinodai 1-2-201 (87-1155)	
	Saien	Harusame cho 38 (82-8800)	Puneryang pinamamahalaan ng Lungsod ng Seto.
	Owarisetozaimusho	Kumano cho 76-1 (82-4111)	
	Setonenkinjimusho	Kyoueidouri 4-6 (83-2412)	
Basura at Pagrerecycle	Setokoukyoshokugyouantei jo	Higashinagane cho 86 (82-5123)	
	Shigenrisaikurusentaa	Higashiyoshida cho 2-1 (21-3196)	Pasilidad kung saan maaari mong dalhin ang iyong mga marerecycle na basura.
	Haruokasentaa	Owariasahi shi karuoha cho 33-1 higashi (54-1643)	Maaaring dalhin ang pansamantalang napakaraming basura, katulad ng panahon ng paglilipat ng bahay.
Kalusugan at Kapakanan ng Tao	Yasuragikaikan	Kawabata cho 1-31 (85-5511(kenkou ka))	Nandito ang Seksiyon para sa Kalusugan ng Lungsod ng Seto (Seto City Health Division), Asosasyon para sa Panlipunang Kabutihan ng Lungsod ng Seto (Seto City Social Welfare Association, atbp.
	Roujinikoinoie	Suhara cho 100 (83-5610)	Bukas ito para sa mga matatandang 60 taong gulang o higit pa bilang lugar kung saan maaari silang makapagrelax.
	Aichikenhokenjo	Mitsuke cho 38-1	

		(82-2196)	
	Kouritsutouseibyoin	Nishioiwake cho 160 (82-5101)	Isang pangkalahatang ospital na gumagamot sa mga tao sa komunidad.
Pangan galaga ng Bata at Konsult asyon	Setoyougogakkou (sakuranbogakuen)	Hagiyamadai 2-22 (76-4391) Hagiyamadai 9-244 (76-2263)	Ito ay isang espesyal na pansuportang paaralan para sa mga estudyanteng may kapansanan sa kanilang mga kamay at paa. Kalakip ito ng paaralang elementarya at middle school at nagbibigay ng edukasyon para maunawaan ng bawat tao ang isa't isa maging estudyante na may kapansanan man o wala.
	Nozomigakuen	Harayama cho 1-14 (82-0154)	Ito ay daycare na pasilidad para sa mga nursery at kindergarten na bata bago sila tumuntong sa elementarya. Ang mga batang ito ay may mga kapansanan o naantala ang pagsulong (developmental delay). Pinapatakbo rin dito ang pagpapayong medikal at pangrehabilitasyon na "Ozora"
	Hattatsushienshitsu	Miyawaki cho 48 (88-2415)	Ito ay isang institusyon para sa mga magulang na panatag na nagnanais na sumulong sa paglaki ang kanilang mga anak at para makapagpakonsulta sila sa kawaning sumusuporta sa kanilang anak.
	Kateijidousoudanshitsu	Sakae cho 45(Parutiiseto 3F) (82-1990)	Nagbibigay ng payo sa pangangalaga ng mga bata sa mga batang 18 taong gulang o mas bata pa at kanilang mga magulang. Ang pangunahing tema ng konsultasyon at pangangalaga ng bata, paglilinang ng bata, personalidad, mga problema sa pagbubully, hindi pagpasok sa paaralan, pang-aabuso, atbp.
Kaligta san and Segurid ad	Shoubouhonbu·syoubousho	Naeba cho 101 (85-0119)	
	Setokeisatsusho	Harayama cho 1-2 (82-0110)	
Mga Pasilida d sa Kultura at Turism o	Parutiseto	Sakaemachi 45	Ito ay gusali sa harap ng istasyon ng tren na ginagamit para sa mga aktibidad ng pagsasaya, pakikipagsalamuha sa kapwa, pagtuto, atbp. May mga pangkomersyong tindahan, international center, consortium ng unibersidad, silid para sa mga bata, aklatang pang-impormasyon, atbp. Maaari ring gamitin pasilidad para sa mga pagpupulong.
	Setogura/setoguramyujiam u	Kurasyo cho 1-1 (97-1555)	Pasilidad ito kung saan nagtitipun-tipon ang maraming mamamayan at turista, na kinabibilangan ng Setogura Museum, pati na ng Tsubaki Hall, mga restawran at tindahan, at mga silid para sa pagpupulong.
	Bunkasentaa/ Setoshibijutsukan	Nishiibara cho 113-3 (84-1811)	Ito ay may 3 gusali na ang Cultural Hall, Cultural Exchange Center, at Seto City Art Museum. May mga permanenteng

			eksibisyon sa museo, pati na rin mga planadong eksibisyon at espesyal na eksibisyon.
--	--	--	--